**Abstract**

This personal essay tackles the life of a transgender woman, the secret that was shared with her by her *mami-mamihan*, and the freedom that was brought by that secret. The narrative also highlights the complex yet indispensable and vibrant life of *pageanteras* behind the limelight—in every corner of a special place called backstage. It aims to emphasize that ramping up on stage to radiate happiness goes way beyond beauty and sparkle.

Above all, I dedicate this essay to everyone who was crowned and will be crowned as Miss Packaging Tape. This is a celebration, a salute, and an act of dignifying the pedestal that has long been a witness to thousands of hidden and secluded narratives. Welcome to the world of Ladies and Gentlemen!

**Keywords**

packaging tape, Ladies and Gentlemen, transgender woman, pageantera, lihim

**English title**

Miss Packaging Tape and the World of Ladies and Gentlemen

# SI MISS PACKAGING TAPE AT ANG MUNDO NG LADIES AND GENTLEMEN

KLARA DOMAGTOY ESPEDIDO

"GANITO MAGTAGO NG nota para iwas chismis sa swimsuit."

Lahat kami'y tutok na tutok ang mga mata sa kaniya, partikular sa kaniyang mga kamay at bibig. Nakatayo sa kaniyang harapan ang kaibigan kong si Eden, isang transgender woman. Nagpresenta si Eden para maging manikin nang gabing iyon—ang gabi kung kailan ilalantad ni Mami Vic, ang aming mami-mamihan at handler sa pageant, ang isang lihim na esensiyal lalo na sa mga kagaya naming nabigyan ng sobrang bahagi sa katawan. Wika ni Mami, matagal na niyang nalaman ang lihim



Likhaan 18.indb 196 11/22/2024 4:34:19 PM

na ito buhat sa mga kaibigang bakla. Ang mga bakla niyang kaibigan ay pageantera rin noong kanilang panahon. At ngayon, sa harap ng mga bagong sibol na pangalan sa mundo ng Ladies and Gentlemen, at dahil mayroong pageant na sasalihan kinabukasan, ay ipapamana niya ang ilang dekada nang lihim ng sangkabaklaan.

Pagkatapos magsalita, kinuha ni Mami ang nakahandang brown na packaging tape sa katabi niyang lamesa. Naka-panty lang noon si Eden, habang kami'y pawang mga nakanganga't nag-aabang sa mga susunod na gagawin ng aming mami-mamihan. Kasama ko noon ang mga kaibigang trans: si Eden, ang pinakabata ngunit pinakamatangkad sa grupo (na siya ring unang makararanas ng kapangyarihan ng packaging tape); si Micah, ang pinakamatanda sa samahan at namamakyaw ng awards sa mga sinasalihang pageant; si Denden, ang sumisigaw palagi ng "Sapagkat sa ganitong uri ng patimpalak, may morenang tatatak!" tuwing ipinapakilala ang sarili sa Opening Salvo; at si Jaspring, ang pinakakuwela at madalas na mas nae-enjoy ang pag-a-assist sa backstage kaysa sa pagrampa mismo sa entablado.

May kung anong kiliti sa aking pakiramdam nang marinig ko ang tunog ng tape na kinakalas mula sa pinagdidikitan nitong rolyo. Parang musika ito sa aking pandinig; masarap pakinggan. "Magsisimula kayo dalawang pulgada sa itaas ng inyong nota. Pero mag-ahit muna kayo bago mag-tape, masakit mabunutan ng bulbol. Mula sa pinaglapatan ng tape, irolyo n'yo ito papasok. Habang ginagawa n'yo ang pagrolyo, siguraduhin ninyong matatakpan nang maigi ang nota. Para lang kayong nagte-tape ng karton para masigurong nakasara ito." Habang nagsasalita si Mami ay ginagawa niya ito sa manikin, kay Eden. Naka-panty pa rin naman ang aking kaibigan; ang kaibahan lang, may rolyo na ng brown na packaging tape sa suot niyang pantago rin mismo sa nagdikta ng kaniyang kasarian.

Kapag nasiguro na raw na nakalapat nang mabuti ang nota at hindi na makalalaylay, wika pa rin ni Mami, ay maaari nang dumako sa susunod na proseso: ang pagpapatag sa bayag. At iyon ang sunod niyang itinuro. Narinig kong muli ang tunog ng kinakalas na tape. Pagkatapos ay inulit niya ang paglalapat nito sa kung saan niya inilapat ang unang tape na dumikit sa panty ni Eden. Ngunit imbes na guntingin ang tape pagkatapos nitong dumaan sa lawit ay pinagpatuloy niya ang pagkakalas nito. Nang dumako sa bahaging balakang, pinulupot niya ang tape nang paulit-ulit habang inilalapat ito sa balat. Salitan niya itong ginawa sa



Likhaan 18.indb 197 11/22/2024 4:34:20 PM

kaliwa't kanan ng balakang. Kaliwa, gitna, kanan. Kanan, gitna, kaliwa. Paikot-ikot. Paulit-ulit sa pagtunog ang kinakalas na tape. Rumurolyo ito nang rumurolyo. May itinatago nang itinatago. May pinagtatakpan at pinagtatakpan.

Nang matapos, ginunting niya ito at ipinakita sa amin ang resulta. Parang panty lang din ang naging wangis ng packaging tape. Pero wala nang anumang bakas ng pagkalalaki sa gitna ng binti ni Eden. Para siyang bagong operada; mukhang kagagaling lang sa isang ospital sa Thailand upang sumailalim sa gender-affirming surgery. Sa halagang singkuwenta pesos at sa tulong ng bihasang kamay ni Mami Vic, parang mahikang naglaho, kahit pansamantala, ang bakas ng biyolohikal na sumpa sa aking kaibigan. Nang sandaling iyon, pabiro kong nabulalas na mamamakyaw ako ora mismo ng packaging tape sa mga suking tindahan.

Bunsod ng lihim na naipamana sa amin ni Mami nang gabing iyon, dumalaw sa aking gunita ang unang beses na sinubukan kong itago ang aking lawit. Kahihilom lang noon ng aking ari mula sa pagkakatuli. At nang mga panahong iyon, matagal ko nang batid ang aking pagkatao. Bago gawin ang ritwal, sumangguni muna ako sa mga video na nakalathala online. Nag-type ako sa search bar ng YouTube ng mga katagang "How to tuck your penis using tight panty?" habang kumakabog ang dibdib.

Lumabas ang resulta sa isang pindot. Sa lahat ng mga video na maaari kong panoorin bilang sanggunian, lumilitaw sa mga ito ang pagkakahalintulad: kung hindi trans woman ang nag-upload ay drag queen na kapuwa ginagawang bentahe ang pagiging marunong sa proseso ng pagta-tuck. Pinanood ko nga ang isa sa mga lumabas na resulta. Nang matapos, kaagad akong naghalungkat ng panty mula sa damitan ng pamangkin kong mas bata sa akin nang tatlong taon. May nakatatak na Hello Kitty sa nahablot ko. Kulay dilaw ito. Pagkatapos ay kaagad akong naghubad. Nanginginig man ang kamay ay isinuot ko ang masikip na panty, na talagang hindi akma sa katawan ng labing-isang taong gulang, at itinaas ito nang itinaas hanggang sa tuluyang maipilit.

Naisuot ko ang panty. Ramdam ko ang sikip nitong parang pumipigil sa aking mga binti upang gumalaw. Buo na ang loob ko nang panahong iyon. Kung kaya't ang sunod kong ginawa ay ipinasok ang aking lawit, na kahihilom pa lamang ng sugat, paloob. Walang kagatol-gatol ko itong isiniksik. Nang matapos ay hinigpitan ko ang suot na panty sa pamamagitan ng paghila sa likurang bahagi nito. At sa wakas: babae



Likhaan 18.indb 198 11/22/2024 4:34:20 PM

na ako! Walang kahit na anong hulma ng pagkalalaki na mababakas mula sa aking pusod pababa. Tuwang-tuwa ako noon. Ganoon pala ang pakiramdam ng walang palaylay-laylay na baging sa kagubatan—mas magaan, hindi ko ramdam ang bigat ng nag-uumpugang bayag. Sa loob ng ilang minutong suot ko ang masikip na panty, para akong nakalaya sa kung anong matagal ko nang tinatakasan.

Ang kaso, bunsod siguro ng katotohanang iyon ang unang beses na sinubukan kong mag-tuck, makaraang nagkiskisan ang aking hita nang sinubukan kong maglakad habang suot ang hiniram kong dilaw na panty, ay naramdaman kong unti-unting nabubuhay ang hulma ng aking pagkalalaki. Isiniksik ko na't lahat-lahat pero nagtumindig ito. Nagmatigas. Parang isinisigaw sa akin ang mga linyang: *Itigil mo na 'yang ilusyon mo, Bakla. Gumising ka na dahil gising na rin ako!*

Naudlot ang pananaginip ko.

### Mga Alaala bago ang Pagrampa

Matagal na akong nananaginip ng maiilap na bukas. Matagal na rin akong nagtatago at may itinatago. Lumaki ako sa pamilyang may kasaysayan ng kabaklaan sa dugo. Ang bunsong kapatid ni Papa ay bakla. May mangilan-ngilan akong pinsang bakla. Hindi ko alam kung namamana ang bagay na ito ngunit nang unti-unti akong lumaki at magsimulang tuklasin ang sarili, nahanay ako sa tito ko at mga pinsan.

Ang pinakamalayong alaala ko siguro, kung tataluntunin ang genesis ng aking kabaklaan, ay noong Recognition sa Day Care. Limang taong gulang lang ako noon. At sa panahong iyon, ewan ko kung bakit pero patok na patok ang kantang "Nobody" ng Wonder Girls. Dahil nga malapit na ang Recognition Day, pinanood sa amin ni Ma'am Dika ang isang video. Gayahin daw namin at isaulo. Ako naman bilang isang batang mahilig sumayaw ay tuwang-tuwa. Palagi pa ako noong pumupuwesto sa unahan para magpakitang-gilas. Isa ako sa mga unang nakasaulo ng steps. At nang gumawa ng formation, ako rin ang isa sa mga nasa unahan.

Dumating ang araw ng pagtatapos. Katumbas ng bawat "Nobody, nobody but you" ang pagpilantik ng aking kamay at paggiling ng katawan. Tumataas-baba pa ang ulo ko noon habang kumekembot sa saliw ng kanta. At katumbas ng bawat hampas ng puwitan ko sa hangin ay ang palakpakan ng mga tao—lumilitaw sa mga ito ang palakhak (pinagsamang palakpak at halakhak) nina Mama at Papa. Hindi salubong ang kilay o lukot ang



Likhaan 18.indb 199 11/22/2024 4:34:20 PM

mukha ng aking mga magulang—bagkos ay parehong may kurba sa labi, nag-aamba ng yakap.

Taliwas ang reaksiyon nila sa mukha ng mangilan-ngilang madla. Sa mura kong gulang, nabatid kong isang malaking laban ang aking kasarian—dahil ito mismo ang pinagmumulan ng kontradiksiyon. Mula nang makita kong nangangasim ang mukha ng ibang matatanda sa pagsayaw ko't buong-buong paglalantad ng aking kalambutan, kahit pa ramdam ko ang taos-pusong suporta ng aking mga magulang, ay natutuhan kong paunti-unting magtago sa anino ng pagbabalatkayo.

Noong nasa elementarya, hindi ako nakaiwas sa iba't ibang uri ng diskriminasyon. Kung ano-anong tawag ang ibinabato sa akin. Salot, bayot, ipapako sa krus, susunugin sa dagat-dagatang apoy—mga tipikal itong pangungutya para sa nangungutya, pero para sa aking nakatatanggap, ito'y matutulis na kutsilyong kumatay sa aking pagkabata. Ano pa't isang araw, habang naglalakad sa kalsada, ay may biglang bumato sa akin sabay sigaw ng "Bakla!" Natamaan ang dibdib ko. Pakiramdam ko'y bumaon hanggang sa kaloob-looban ang tumamang bato. Gusto kong bumulanghit ng iyak nang panahong iyon. Ngunit hindi ko ginawa. Nagpatuloy na lamang ako sa paglalakad habang hinihilot ang namamagang dibdib.

Dulot ng mga pang-aalipusta, natutuhan kong pagtuunan ang pagpapaunlad ng sarili sa pamamagitan ng puspusang pag-aaral. Palagi ko kasi noong iniisip, mababa ang tingin sa akin ng lipunan kaya kailangan kong mas pag-igihan. Mula una hanggang ikaanim na baitang, ako palagi ang nangunguna sa klase. Nagtapos ako sa elementarya nang valedictorian. Ako ang nag-speech, at sa maikling panahon ay nailagak sa pedestal. Natuwa ako. Sa isip-isip ko, mabisang paraan ang pagiging magaling sa pag-aaral upang mailihis ang "Salot!" at "Bayot!" patungo sa "Congratulations" at "Ang galing mo!" Kapag napag-uusapan ng ibang tsismosa, hindi na lamang ako ang "bunsong anak ni Esa na bakla." Naging ako ang "bunsong anak ni Esa na bakla at matalino." Pero kahit anong sigasig sa pag-aaral, palagi akong nagagapos sa salitang "bakla."Kasabay ng pagtuntong sa puberty stage ang pagkakaroon ng paghanga sa ibang tao. Crush, sa madaling salita. Kapag napag-uusapan ito ng mga kaklase, palaging ibinibida ng mga babae kung gaano kaguwapo, katikas, at katangkad ang mga binata nilang hinahangaan. Kapag naman lalaki ang nagbabahagi, ipagmamalaki nilang maganda at balingkinitan ang pinapantasya nilang dalaginding. Habang sila'y tuwang-tuwa sa pinag-



Likhaan 18.indb 200 11/22/2024 4:34:20 PM

uusapan, nakangiti lang akong nakikinig. Hindi ako umiimik dahil, ang totoo, naguguluhan ako. Hindi maganda o balingkinitan ang una kong hinangaang tao. Basketball player, na palagi kong nadaraanan sa court, ang una kong crush.

Pero hindi ko ito kailanman ibinahagi sa iba. Sa takot na baka pagtawanan o masabihan ng kung ano-ano, natutuhan kong magsinungaling. Kapag kasama ang mga kaibigang lalaki, palagi kong ibinibidang mag-aasawa ako ng tatlong babae—na magkakaiba ang lahi. Tatawa sila, tatawa rin ako. Magfe-flex sila ng muscle sa braso, gagaya rin ako. Magpapalakihan sila ng boses, makikisali ako. Natutuhan kong makisabay sa mga trip nila sa buhay. Sumasama ako kapag nagba-basketball sila sa bakuran ng dati kong guro sa Day Care. Doon kami salit-salitang magsu-shoot ng bola. Kung sino ang hindi makapuntos ay talo. Ako palagi ang talo.

Salimpusa lamang ako sa grupo. Pero pinilit kong isiksik ang sarili. Kung ito ang tanging paraan upang maging normal sa mata ng lipunan, kahit hindi ako marunong mag-dribble ay pag-aaralan ko. Kahit nandidiri kapag iniisip kong mag-aasawa ako ng babae ay nagsinungaling ako. Kahit hindi ako masaya kasama ang mga lalaking walang ibang ginawa kundi ang magpataasan ng ihi at magpalakihan ng bayag ay isinantabi ko ang nararamdaman.

Nagpatuloy ito hanggang sa tumuntong ako ng Grade 7. Doon ko sinubukan ang hanggang ngayon, kapag sumasagi sa isip, ay nagpapatindig ng aking balahibo. Nakipagrelasyon ako sa babae. Lintik na puppy love! Sa panahong iyon ay mayroon nang mga pinopormahang babae ang ilan sa mga kaibigan kong lalaki. Dulot ng pressure dahil kailangan kong makaagapay, sumubok din ako. Walong buwan akong nakipagpalitan ng "I love you" at nangako ng kasal sa babaeng tatlong taon ang tanda sa akin. Hindi kami pormal na nagkikita para mag-bonding kahit pa nasa iisang paaralan lamang kami. Ang palagi ko noong rason: nahihiya ako.

Pero ang totoo, awang-awa ako sa sarili at sa kaniya. Sa kagustuhan kong hindi maging tampulan ng katatawanan ay napaglaruan ko ang damdamin ng iba. Gusto kong sisihin ang sarili dahil sa ginawa. Ngunit alam kong hindi ko rin ito kasalanan. Hindi ko kasalanang dulot ng kinamulatang estado ng lipunan, na hitik sa mga kumbensiyon at paniniwala lalong-lalo na sa relihiyon, ay nakagawa ako ng mabigat na pagkakasala sa isang babae, sa kagaya kong babae.



Likhaan 18.indb 201 11/22/2024 4:34:20 PM

Natapos ang relasyon namin nang tuluyang magkalabuan. Nalungkot ako dahil kahit paano ay naging bahagi siya ng aking pagkatao. Sa walong buwan ba namang pakikipag-usap ay naging magaan din ang loob ko sa kaniya. Pero mas litaw sa akin noon ang pakiramdam ng paglaya. Walong buwan akong parang nakikipagtagu-taguan. Halos isang taon din iyon ng aking buhay. Nang matapos ang sineryoso niya ngunit para sa akin ay laro-larong relasyon, ipinangako ko sa sariling kailangan ko nang unti-unting humulagpos sa lahat ng uri ng pagtatago.

Kapag naaalala ko ang bagay na ito sa kasalukuyan, natatawa ako at nandidiri sa sarili—hindi dahil sa katotohanang nakipagrelasyon ako sa babae; bagkos ay dahil hindi ko nagawang aminin sa kaniya ang pagkakamaling nagawa. Hindi ako naging matapang para aminin ang pagkakasala sa harap niya.

Lumayo ako sa mga kaibigang lalaki. Dahil sa konsensiyang nararamdaman ay sinimulan kong magpakatotoo. Batid kong isang masalimuot na paglalakbay ang aking tataluntunin, ngunit kahit natatakot, hinakbang ko ang aking paa pasulong—sa isang landas na matagal-tagal na panahon ko ring iniwasan. Higit sa lahat, batid ko nang mas mabigat na kasalanan sa Panginoon ang pagsisinungaling sa sarili kaysa sa pagiging bakla. Ilang taon din bago ko napagtanto ang bagay na ito.

**Kung Paano Ko Natuklasan ang Mundo ng Ladies and Gentlemen**

Nasa ikawalong baitang ako nang matutong maglagay ng pulbo at lip tint sa harap ng maraming tao. Hindi na rin naman sa akin bago ang paglalagay ng kolorete sa mukha. Nagawa ko rin naman na kasi ang bagay na ito kahit pa noong nasa elementarya. Ang kaibahan lang, noon ay sa kuwarto o sa kahit na anong tagong lugar lamang ako nakagagamit ng kolorete. Sa mga hindi-makikita-ng-marami lamang ako nakapagsusuot ng kumot na ginawang gown at nakapaglalagay ng burloloy sa katawan.

Ngunit dahil sa pangako sa sarili, sinubukan kong mas maging matapang sa pagharap sa lipunan. Humaling na humaling ako noong manood ng mga makeup tutorial sa YouTube. Iyon bang may mga pamagat na "No Makeup Makeup Look" o "Makeup for School." Sa tuwing uwian, hindi puwedeng hindi rereglahin ang aking labi sa pula ng ilalagay kong lip tint. Hindi rin ako makapapayag na walang bakas ng pulbo na maiiwan sa aking mukha. Noong una, tinablan ako ng hiya. Nanunukat



Likhaan 18.indb 202 11/22/2024 4:34:20 PM

ang tingin ng matatandang nadaraanan ko. Ngunit tuwing makauuwi sa bahay, wala naman akong naririnig na pagtutol galing sa pamilya. Hindi nila ako sinita o pinagsabihan. Dahil dito, kahit nahihiya ay nagpatuloy ang pagkahumaling ko sa mga kolorete.

Nagtuloy-tuloy ito hanggang sa tuluyan kong pasukin ang mundo ng Ladies and Gentlemen.

Grade 9 na ako noon. Nalalapit ang pista ng aming munisipyo kaya't mayroong isasagawang beauty pageant para sa ikatlong lahi. Ang totoo, ayaw ko talagang sumali. Nahihiya ako dahil sa maraming bagay: una, 5'4 lang ang height ko; pangalawa, hindi ako marunong rumampa; pangatlo, hindi ko alam kung paano umarte sa entablado; pang-apat, ayaw kong pagtawanan; panlima, ayokong muling maramdaman ang pakiramdam ng hinuhusgahan. Pero nakipagtagisan ang pamilya ko sa aking mga kaibigan, lalo na si Mama, sa pagkumbinsi sa akin. Sumali na raw ako. Wala naman daw mawawala. Manonood daw sila. At kung ano-ano pang pangungumbida.

Kaya kahit nahihiya, itinodo ko na ang kabaklaan ko. Suot-suot ko pa noon ang brand new panty na binili ni Mama. Mahigpit na mahigpit ito, kagaya ng dilaw na panty na ginamit ko noong unang beses kong sinubukang itago ang aking lawit. Siya rin ang nagbayad ng registration fee para tuluyan akong makasali. At nang dumating ang gabi ng pagtitipon-tipon ng lahat ng uri ng bakla, kahit nahihiya, inenjoy ko na lamang ang mga sandali. Iyon ang unang beses na nakasuot ako ng totoong gown, hindi na gawa mula sa kumot. Iyon ang unang pagkakataong maayos ang pagkakapatong ng kolorete sa aking mukha, hindi na basta-bastang pulbo at lip tint. Ang gabing iyon ang unang gabing naramdaman ko ang tuluyan kong pagyakap sa aking pagkakakilanlan. At kasabay ng pagpapakilala kong ako si Klara, hindi na Clarence o Janjan, sa harap ng maraming saksi, naisilang si Klara.

Parang reincarnation. Parang magic. Pero totoong nangyari. At totoong nabinyagan akong muli.

Hindi ako nanalo nang gabing iyon. Pero higit sa anumang korona o pagkilala, sapat nang isa si Mama sa nakasaksi ng gabing iyon. Naroon siya't tuwang-tuwang makita ang kaniyang bunso. At sapat na ring isiping mula sa isang batang kumembot noong Recognition sa Day Care, nakapagkembot akong muli sa malaking entablado. Mula sa isang nilalang na sa kuwarto lamang nakararampa, nabigyan ako ng espasyong rumampa habang ang mga ilaw at mata ay sa akin nakapukol. Singkinang



Likhaan 18.indb 203 11/22/2024 4:34:20 PM

ng gown kong suot ang ningning sa aking mukha. Kung ilalagom sa iisang salita: priceless!

Buhat nang unang sabak ko sa pageant, mas naging matapang ako sa pagpapakilala sa aking sarili. Natutuhan ko paunti-unti ang pagsuot ng maiikling shorts. Nagawa kong magsuot ng bra for the first time. Magaan sa pakiramdam ang maranasan ang mga bagay na tinakbuhan ng batang ako sa takot na hindi siya matanggap ng lahat, lalo na ang mga bagay na ipinagkait ng lipunan sa aking kamusmusan.

Ang pageant ding iyon ang nagbukas ng oportunidad para makilala ko si Mami Vic. Siya ang naging handler ko nang unang sumabak ako sa entablado. Sa kaniya ang lahat ng ginamit ko mula creative attire hanggang evening gown. Siya rin ang isa sa mga natuwa sa sagot ko. Boka raw ako. Magaling sa chukchakan. Dahil dito, tuluyan niya akong pinatuloy sa kaniyang binubuong grupo: ang Victoria's Angels.

Kasama kong napabilang sa grupo ang aking mga kaibigan: sina Eden, Micah, Denden, at Jaspring. Ang mga pangalang ito ang naging kasa-kasama ko sa bawat pageant na sinasalihan. Sila ang nagturo sa akin kung paano ang tamang pagrampa suot ang seven-inch heels. Noong una, ilang beses akong namulikat dahil sa taas ng suot kong heels. Ngunit dahil kailangang masanay, tiniis ko ang mga serye ng pamumulikat (lalo na tuwing gabi pagkatapos ng ensayo sa pagrampa). Natutuhan ko rin mula sa kanila ang tamang pag-project. Kailangan ko raw artehan, kailangang maging malandi sa harap ng mga hurado. Dahil si Micah ang palaging humahakot ng awards, lalo na ang Miss Photogenic at Miss Feminine Look, siya ang nagturo ng technique na ito.

Sa kabilang banda, ibinabahagi ko rin sa kanila ang mga nalalaman ko pagdating sa Question and Answer. Ibinibigay ko sa kanila ang punch lines o mga sikat na kasabihang nahalungkat ko sa internet. Wala pa man ang mismong tanong, may nakahanda na kaming sagot. Magaling manahi ang mga bakla. Pero hindi tela ang tinatahi namin. Bagkos ay ang mga nasaulong punch line na kahit hindi akma sa tanong ay ipipilit. Tinatawanan na lang namin ang bagay na ito. Madalas na hirit: *hindi mali ang sagot ko, mali lang talaga ang tanong nila!* Madalas ko ring ipaalala sa tuwing nag-eensayo para sa pagsagot: ang pinakamabisang paraan upang hindi ma-mental block sa Q&A ay sa pamamagitan ng paulit-ulit na paghinga nang malalim hanggang mawaksi ang kaba.

Lampas pa sa tuwa ang pakiramdam na mapadpad sa piling ng mga kagaya kong nakararanas ng pangmamaliit dahil sa kasarian. Higit sa



Likhaan 18.indb 204 11/22/2024 4:34:20 PM

lahat, alam kong pinagbubuhol kami ng mga karanasan. Ibang-iba ang pakiramdam ko kapag kasama sila sa pakiramdam noong pinagsisiksikan ko ang sarili sa mga lalaki. Naisip ko nga, nahanap ko na sa wakas ang wastong lugar para ibuka ang pakpak at maging totoo sa sarili. Wala nang pagsisinungaling, wala nang pagtatago.

### Ang mga Anghel ng Victoria's Angels

Pagkatapos maituro ni Mami Vic ang tamang paraan ng pagtatago ng lawit gamit ang mahiwagang packaging tape ay nagsimula na kaming maghanda para sa pageant kinabukasan. Mangyayari ito sa mismong barangay ni Mami. Dahil isa siya sa mga kagawad, ito ang naging inisyatibo niya para ipagdiwang ang kapistahan ni Senyor San Roque, ang patron ng kanilang barangay. Siya ang punong-abala kung kaya't ang iba pa naming mami-mamihan ang mag-aasikaso sa pag-aayos sa Victoria's Angels.

Kaniya-kaniya kaming kuha ng gamit. Pinili ko ang pink na gown na makailang ulit nang nagbigay ng panalo sa akin. Itinuturing ko itong lucky charm. Inihanda ko rin sa isang maleta ang creative, casual, at swimsuit attire na gagamitin para sa napipintong laban. Sunod sa payo ni Mami, nag-ahit din kami ng bulbol. Naisip ko nga, habang maingat na maingat na nag-aahit sa takot na baka isang maling galaw lang ay masugatan ko ang balat, mabuti pa ang mga pageanterang biological woman, hindi na kailangang gawin ang bagay na ito dahil hindi na rin naman kailangang gumamit ng packaging tape. Hindi na nila kailangang mahiya o kabahan sa tuwing Swimsuit Competition dahil wala silang aalalahaning lawit at bayag na maaaring kumawala habang rumarampa.

Bago matapos ang gabing iyon, nagkuwentuhan kami ng mga kaibigan. Nagbiruan pang dapat ay isa mula sa amin ang hiranging Mutya ng Kalikasan 2022.

Dumating kami sa paaralang pagdarausan ng pageant alas-singko ng hapon kinabukasan. Bitbit ang mga maletang naglalaman ng mga gamit na pawang likha ng kamay ni Mami Vic, nagtungo kami sa isang maliit na silid. Iyon daw ang magsisilbing lugar kung saan kami maaaring mag-makeup at magbihis. Naging mabilis lang ang sandali. Ganoon naman palagi kapag kinakabahan. Napuno ng mga kandidata ang silid. Nagpabonggahan sa kolorete ang mga bakla. Nagsipaglabasan ang makikinang na gown at naglalakihang creative attire. Si Mami Erda



Likhaan 18.indb 205 11/22/2024 4:34:20 PM

ang tumayong handler namin. Siya ang kamay sa likod ng magandang pagkakahulma ng aking mukha sa mga oras na iyon.

Sina Eden, Micah, Denden, at ako ang sumali mula sa Victoria's Angels. Samantalang si Jaspring ay mas piniling mag-assist na lamang sa amin. Siya ang magiging responsable sa pag-agapay sa kaniyang mga kaibigan tuwing magpapalit ng damit.

Nang makapaghanda ang lahat, nariyan at narinig ko sa wakas ang tunog ng kinakalas na packaging tape. Mag-uumpisa na ang ritwal! Tumingin ako sa paligid. Kaniya-kaniyang hila ng packaging tape ang mga kandidata't assistant nila. Namutawi ang tunog ng nagkakalasang mahika. Samantalang ako'y pumunta sa CR. Doon ko hinubad ang suot kong panty. Bitbit ko noon ang mahiwagang packaging tape. Bumuntonghininga muna ako para waksiin ang kaba. Pagkatapos ay sinimulan ko nang operahan ang sarili.

Ginaya ko ang itinuro sa amin ni Mami Vic. Maingat kong sinapo ang aking lawit at bayag upang masigurong masasakop ito ng tape. Nang masigurong hindi na ito makalalaylay pa, sinunod kong gawin ang pangalawang proseso. Kaliwa, gitna, kanan. Kanan, gitna, kaliwa. Paikot-ikot ang tape sa aking balakang. Paulit-ulit ito sa paglikha ng tunog—dumadagundong sa maliit at kulob na espasyong kinaroroonan ko. Rumurolyo ito nang rumurolyo. May itinatago nang itinatago. May pinagtatakpan at pinagtatakpan.

Nang matapos, isa lang ang naibulalas ko: ang sakit! Mas masakit pala kapag ako na ang mismong nakararanas kaysa noong pinapanood ko lang kay Eden. Parang may kung anong hinihinat sa pagitan ng aking hita. Hindi ko maikakailang ilang beses akong umaray. Gusto ko nga sanang alisin na ang ipinulupot na packaging tape sa balakang at magsuot na lamang ng masikip na panty. Pero bigla akong nahintakutan nang maalalang bumubukol ang lawit at tumatalbog ang bayag kahit anong sikip pa ng gamiting panty. Muli, isang malalim na buntonghininga. Pagkatapos ay nagpasya na lamang akong isuot ang panty na hinubad.

Nang makita ang produkto ng ipinamanang lihim ni Mami, makaraang ganap kong maisuot ang panty, kahit dumadaing sa kirot ay napatakip ako ng bibig sa tuwa. Dedma na pala sa hapdi! Sulit ang tiis-ganda! Patag na patag ang bagong gawang kipay, walang kahit na anong umbok! Plakadong-plakado!

Nakangiti akong lumabas sa CR. At nang muling sakupin ng liwanag mula sa mga ring light ang aking paningin, nasaksihan ko ang mga kagaya



Likhaan 18.indb 206 11/22/2024 4:34:20 PM

kong kandidatang kapuwa parang bagong operada. Nagmistulang ospital ang silid na kinaroroonan namin. Pawang lahat ng naroroon ay naglalakad na mga himala; wala nang anumang bakas ng pagkalalaki sa pagitan ng hita. Biruin mo ’yon, wala kaming kahit na anong alam sa ginagawa ng doktor pero nakapag-opera kami? Naitago nang mabuti ng packaging tape ang bagay na nagdikta ng aming kasarian. Alam kong sa loob-loob nila’y nagrereklamo na sila’t nagsisipagliparan ang malulutong na mura sa isip dahil sa sakit na dulot ng isinagawa naming ritwal. Ngunit hindi ko ito nababanaag sa kanilang mukhang maaliwalas at nakangiti. Ganito ang komunidad na ito, sa isip-isip ko, gagawin ang lahat, kahit pa magtiis sa higpit ng tape, para lamang maitago ang tinatakbuhan nilang sumpa.

Matapos ang ilang oras na paghahanda ay sinimulan na ang Ladies and Gentlemen. Sa aming apat na magkakaibigan, ako ang nakabunot ng numerong malapit sa number one. Kaya ako rin, mula sa Victoria’s Angels, ang unang rumampa suot ang casual attire. Nagpakilala ako nang buong giting sa harap ng madla. “This is Klara, your Candidate Number 7, all the way from the place that never dies … Mabuhay!” Taliwas sa unang beses na nakatungtong ako ng entablado noong Day Care, mas matapang na’t buo ang aking sarili. Gandang-ganda ako noon sa aking makeup kung kaya’t siniguro kong makuha ang kiliti ng mga hurado. Tinapos ko ang aking pagpapakilala sa kasabihang galing kay Confucius (na napulot ko lamang sa internet), “In life, it doesn’t matter how slowly you go as long as you do not stop!” Pagkatapos ay kindat sa mga hurado at masigabong palakpakan.

Sunod na lumabas si Eden, ang pinakabata sa grupo. Matagal nang nagladlad si Eden. Pero kagaya ko, ilang pagkukunwari din ang ginawa niya sa takot na mahusgahan ng iba. Pinilit niya ang sariling magkagusto sa babae noong nasa elementarya. Nang magdesisyong sumailalim sa Hormone Replacement Therapy (HRT), ilang beses niya ring itinago ang banig ng pills na binibili niya sa botika. Tutol ang mga magulang niya sa bagay na ito dahil masyado pa raw siyang bata. Pero hindi siya nagpatinag sa kagustuhang tuluyang makapag-transition. Makulit din siya, kagaya ko. Sa mga pageant, siya palagi ang hindi pinapayagang sumali. Ayaw siyang pahintulutan ng kaniyang mga magulang sa hindi ko malamang dahilan. Ngunit dahil likas na sa kaniya ang pagiging makulit, tumatakas pa rin siya sa kanila. Magpapaalam siyang pupunta sa bahay ni Mami. Ngunit hindi niya sasabihing sasali siya sa pageant. “And I, thank you!” sigaw niya matapos ang pagpapakilala.



Likhaan 18.indb 207 11/22/2024 4:34:20 PM

"Good evening, Ladies and Gentlemen! Standing before you is a fresh twenty-year-old stunner." Pagkatapos ng ilang kandidata ay si Micah na ang rumampa. Malandi ang bawat galaw niya sa entablado. Pero iyon ang uri ng kalandiang hindi masakit sa mata. Panganay si Micah. Malaking tulong sa kaniya ang nakukuhang pera sa mga sinasalihang pageant. Kagaya ko, patay na rin ang kaniyang tatay. Ngunit kahit gaano man naging malupit sa kaniya ang buhay nang bawiin nito ang kanilang haligi ng tahanan, masigasig pa rin siyang tumatayo para sa mga kapatid at nanay. Bilang panganay na ipinanganak na lalaki, at higit lalo noong namatay ang kaniyang tatay, kinailangan niyang tumugon sa inaasahan ng lipunan. Kailangan niyang tigasan ang loob, ikubli pansamantala ang pagiging malambot. Pinili niyang makaagapay sa inaasahan sa kaniya—ang tugunan ang naiwang responsabilidad ng namayapa niyang ama.

Huli kong nasaksihan ang pagsigaw ni Denden ng paborito niyang linyang, "Sa ganitong uri ng patimpalak, may morenang tatatak!" Tampulan din ng tukso si Denden simula pagkabata. Bukod kasi sa pagiging bakla, palaging pinagtatawanan ang kaniyang kulay. Hindi siya nakatakas sa panghuhusga. Sa aming lahat, siya ang pinakamarunong sa pag-akyat sa puno upang manguha ng pili. Magaling din siyang magbiyak ng niyog. Hindi maikakaila ang pagiging malakas niya lalo na sa pisikal na aspekto. Sa iba, isa siyang nilalang na pagtatawanan dahil sa kasarian at kulay ng balat. Ngunit sa aming nakakikilala sa kaniya, siya mismo ang kahulugan ng tapang. Totoong tatatak siya, hindi lamang bilang morena at hindi lamang sa mga entablado, kundi pati sa sinumang nakaaalam ng dalisay niyang pagkatao.

Pagkatapos ng mahaba-habang paandar ng mga kandidata sa casual attire ay dumating ang inaabangan ng lahat: ang Swimsuit Competition. Kumpara sa mga naunang pageant na nasalihan, kung kailan hindi pa naituturo sa amin ni Mami ang lihim ng sangkabaklaan, ay mas magaan na ang loob ko. Wala akong pag-aalinlangan dahil batid kong hindi makatatakas ang aking lawit at bayag sa itinapal kong tape. Nang ako na ang nasa entablado suot ang black swimsuit, nagmistula akong naglalakad na balikbayan box. Ang kaibahan lang, sa labas ng balikbayan box nakapulupot ang ilang rolyo ng tape. Samantalang sa akin ay nakatago, natatakpan ng suot na panty.

Siniguro kong matatawid ng pagkalaki-laki kong ngiti ang mukha ng madla. Nais kong malaman nilang magmula sa gabing iyon, hindi na ako



Likhaan 18.indb 208 11/22/2024 4:34:20 PM

kailanman mahihiyang magsuot ng swimsuit dahil nariyan na ang sakit at tuwang naibibigay ng packaging tape. Galak ang naramdaman ko nang mga oras na iyon. Gusto kong maghumiyaw at sabihing: *Tingnan n'yo nang maigi ang kipay ko. Ako mismo ang gumawa niyan!*

Matapos ang ilang ulit na pagrampa sa entablado, pagpapalit-palit ng damit, at ang nakadudugong ilong na Question and Answer, dumating ang tugatog ng patimpalak. Biniyayaan ako ng basbas ng mga ninunong bakla nang gabing iyon. Matapos ang pagtitiis sa hapdi ng pakiwari ko'y putol ko nang lawit at bulok ko nang bayag, sakit ng mga paa kong namumulikat dahil sa heels, at nangangasim kong katawan bunsod ng tagaktak na pawis, hinirang akong Mutya ng Kalikasan 2022! Ramdam na ramdam kong akin ang pagkakataong iyon. Inangkin ko ang mga sandali; kumaway ako nang kumaway sa harap ng madlang nagsisipagpalakpakan. Sino ang mag-aakalang ang noo'y takot na takot sa panghuhusgang bata ay hihiranging reyna balang-araw?

Sa kasamaang palad, hindi para sa tatlo kong kaibigan ang gabing iyon. Ngunit imbes na malungkot, pinagaan ko na lamang ang aking loob sa pag-iisip na nagkatotoo ang biruan namin isang gabi bago ang patimpalak. Nagyakapan kami't pawang mga nakangiti matapos ang koronasyon. Buong galak nila akong sinalubong ng mga pagbati.

Higit sa korona at pagkilala, alam kong nagkakaisa ang aming puso sa katotohanang mas matimbang ang isinulong naming protesta sa pagsigaw ng "Ladies and Gentlemen!" Ipinakilala namin, sa harap ng mga naninirahan sa San Roque, ang katotohanang lampas pa sa lawit at bayag na naitago ng packaging tape ang halaga namin bilang mga trans woman. Higit sa napanalunang pera, na ipanlilibre ko sa mga kasama't paghahatian namin ni Mami Erda, may ngiti sa aking labi nang gabing iyon dahil batid kong may tinambol kaming karapatan—ang karapatang magmaganda at rumampa nang may kalayaan.

## Sa Lahat ng Miss Packaging Tape

Mag-iisang taon na rin mula nang mamahinga pansamantala ang Victoria's Angels sa pakikipagbakbakan sa mundo ng beauty pageant. Mas pinili naming ituon ang atensiyon sa pag-aaral lalo na't lahat kami'y nasa kolehiyo na. Pero sa tuwing binabalikan ko ang mga larawang naipon mula sa mahigit labinlimang pageant na sinalihan, at nakikita ang mga korona at sash na napanalunan, ay palaging nagbabalik sa akin ang tunog ng kinakalas na tape. Binibisita ako nito lalo na kapag



Likhaan 18.indb 209 11/22/2024 4:34:20 PM

nakararanas ng diskriminasyon sa pang-araw-araw na pagsuong sa buhay.

Hanggang ngayon, buhay na buhay pa rin ang pagsasagawa ng mga beauty pageant lalo na kapag may pista o pagdiriwang sa isang lugar. Hindi pa rin nagagasgas ang lalamunan ng mga pageantera sa pagsigaw ng "Ladiesss and Gentlemennn!" Hindi pa rin humuhupa ang tunog ng mga packaging tape lalo na sa mga backstage ng patimpalak. Pansamantala ko mang tinalikuran ang bagay na ito sa ngayon, alam kong palaging may mundong maghihintay sa akin. At sa mundong ito, batid ko—kagaya ng lahat ng naunang naghawan ng daan para isulong ang pagkakapantay-pantay—ay walang ibang bida kundi kami.

Ang pageant, lalong-lalo sa mga Pinoy, ay isa nang ganap na institusyon. Apelyido na ito ng mga selebrasyon; ng pagbali sa mga estereotipikong pamantayan ng lipunan. At asahan ninyo, habang may mga madlang nakatingala't nangangalay ang leeg sa pagtunghay sa mataas na entablado, may mga sumasabog na liwanag at tugtog na naghuhudyat ng isang gabing ilalagak sa pedestal ang sangkabaklaan, at may mga huradong lumuluwa ang mata sa labis na pagkamangha—ay mayroong mga baklang lumalaya kahit pa mayroong itinatago. Kagaya ko.

Kakatwang isiping ang buong akala ko'y nakahulagpos na ako sa lahat ng uri ng pagtatago. Ang akala ko, nakalayo na ako sa mga pagkukubling ginawa ko lalo na noong panahon ng aking kamusmusan. Ngunit nang tuluyan kong isuot ang korona't naging si Miss Packaging Tape, sa dagat ng mga kagaya kong may itinatagong lawit at bayag tuwing may pageant, ay higit kong naunawaan ang isang bagay: may kalayaang ibinibigay ang lihim na ipinamana sa amin ni Mami Vic.

Darating ang panahong muling magtitipon-tipon at mabubuo ang Victoria's Angels. Muli kaming magsusuot ng nagsisikinangang gown at magpapaunahang mamulikat sa suot na heels. Muli naming paiingayin ang backstage sa pagkalas ng kahit ilang rolyo pa ng tape. Rarampa kami sa entablado na parang wala nang bukas, na parang kami ang sandali, at sa amin ang pagkakataon. Sa ngayon, isa itong mailap na bagay—lalo na't pinaghihiwalay kami ng kaniya-kaniyang pakikipagsapalaran sa totoong mundo.

Kaya habang hindi pa dumarating ang panahong inaasam ko, hayaan n'yong gawin ko ang bagay na ito: ang magkuwento.

Sapagkat ang aking kuwento, at ni Eden, at ni Micah, at ni Denden, at ni Jaspring (na mas gusto talagang mag-assist kaysa rumampa sa entablado),



Likhaan 18.indb 210 11/22/2024 4:34:20 PM

at ng lahat ng mga nakoronahan at makokoronahan pang Miss Packaging Tape, sa kagustuhang maitago pansamantala ang bayag at lawit, ay hindi ko hahayaang makulong o maitago sa mga backstage. Sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng lihim ng sangkabaklaan, na ipinamana sa amin ni Mami Vic, at ipapamana ko sa sinumang makababasa ng sanaysay na ito, aasa akong hindi na magiging eksklusibo sa mga pageanterang bakla at trans woman ang kapangyarihang dulot ng isinasagawa naming ritwal. Dahil kagaya nito, kaming lahat ay hindi dapat ituring na lihim. Matagal na kaming rumarampa sa daigdig.



Likhaan 18.indb 211 11/22/2024 4:34:20 PM